# Edukasyon sa Pagpapahalaga III

## Yunit I
## Modyul Blg. 5

# Itinalagang Awtoridad, Iginagalang Ko Ba?

## I. Ano ang Inaasahang Matututuhan Mo?

Nakapanood ka na ba ng isang palaro o anumang paligsahan? Bakit may mga panuntunang sinusunod? Sino ang nagpapatupad ng mga panuntunang ito? Bakit mahalagang may mga hurado o mga opisyal na siyang nagmamasid sa kabuuan ng laro? Ano sa palagay mo ang maaaring mangyari sa isang palaro kung walang *referee*?

Sa araw-araw na pakikisalamuha mo sa mga tao sa lipunan, hindi ka ba nagtataka na napananatili ang pangkalahatang kaayusan sa kabila ng magkakaibang pinagmulan at orientasyon ng mga tao? Paano nangyayaring mapanatili ang kaayusang ito?

Iyan ang bibigyang diin ng mga gawain sa modyul na ito. Umaasa ako na pagkatapos mong sumailalim sa mga gawain at pagsasanay ay malilinang sa iyo ang mga sumusunod na kasanayan at pagpapahalaga:

L.C 1.8 Nasusuri ang kahalagahan ng paggalang sa mga itinalagang awtoridad (*respect for authority)* sa pagpapanatili ng kaayusan at kapayapaan

A. Natutukoy ang mga itinalagang awtoridad sa lipunan
B. Nasusuri ang kahalagahan ng mga itinalagang awtoridad sa pagpapanatili ng kaayusan at kapayapaan
C. Napahahalagahan ang mga itinalagang awtoridad sa lipunan sa pamamagitan ng paggalang sa kanila

Ang modyul na ito ay sadyang binuo upang maunawaan mong mabuti ang mga aralin sa Edukasyon sa Pagpapahalaga III kahit hindi ka makapasok sa paaralan nang regular. Upang maging lubos ang iyong pag-unawa sa mga nilalaman ng mga aralin, sundin mo nang tapat ang mga sumusunod na tagubilin:

1. Basahin ang modyul ayon sa pagkakasunud-sunod ng mga gawain.

2. Unawaing mabuti ang nilalaman ng paksang aralin.
3. Basahin at sundin ang mga panuto at iba pang tagubilin.
4. Pag-isipang mabuti ang mga sagot sa bawat tanong bago ito isulat sa kuwaderno sa Edukasyon sa Pagpapahalaga.
5. Maging tapat sa iyong sarili sa lahat ng pagkakataon. Laging isaalang-alang ang iyong puso at damdamin sa pagsagot sa mga tanong. Gamiting gabay ang layuning matuto at mapaunlad ang sariling pagkatao sa lahat ng mga gawain.
6. Magtanong sa guro, magulang, kamag-aral o kaibigan kung kailangan.
7. Maging matiyaga sa pag-aaral. Huwag mawalan ng pag-asa kahit nahihirapan.

Bago mo simulan ang gawain sa modyul, sagutin mo ang mga sumusunod na panimulang pagsubok.

## II. Handa Ka Na Ba?

Basahin ang mga pangungusap at isulat ang titik ng pinakawastong sagot.

1. Ang awtoridad ay tumutukoy sa:

   a. mga taong inihalal ng mga mamamayan sa pamamagitan ng eleksyon.
   b. mga taong namamahala sa pagpapanatili ng kapayapaan sa kapaligiran
   c. mga taong binigyan ng kapangyarihang mamahala sa isang tiyak na pangkat ng tao
   d. mga taong may pera at nasasakupang pribadong lupain

2. Ang pangunahing layunin ng pagtatalaga ng mga awtoridad ay upang:

   a. mapairal ang disiplina ng mga mamamayan.
   b. mapairal ang kaayusang panlipunan.
   c. makamit ang pag-unlad ng lipunan.
   d. makahikayat ng mga dayuhan sa bansa.

3. Ang unang awtoridad na namahala sa atin ay ang:

   a. pamahalaan
   b. pamilya
   c. simbahan
   d. paaralan

4. Ano ang tawag sa kawalan ng sinusunod na batas na nagdudulot ng pangkalahatang kaguluhan sa lipunan?

   a. anarkiya
   b. rebolusyon
   c. digmaan
   d. terorismo

5. Mahalaga ang kapangyarihang kaloob ng Diyos sa mga magulang upang:
   a. sundin sila ng kanilang mga anak
   b. magawa nila ang kanilang nais sa kanilang mga anak
   c. magabayan nila ang kanilang mga anak sa tamang landas
   d. madisiplina nila ang kanilang mga anak

# III. Tuklasin Mo

## Gawain Blg.1

Basahin at suriin ang bawat sitwasyong inilahad.

Sitwasyon Blg. 1



Si Abel ay mahilig sa panonood ng telebisyon. Pagkauwi mula sa paaralan ay umuupo na siya sa harapan ng T.V upang panoorin ang kanyang mga paboritong programa;

Madalas siyang pagalitan ng kanyang nanay dahil hindi na siya gumagawa ng mga takdang-aralin. Nakatuon ang atensyon niya sa panonood dito.

Dahil dito, tuluyan siyang pinagbawalan ng kanyang nanay na humarap sa t.v.

Nagalit siya sa ginawang ito ng kanyang ina kaya't hindi niya ito kinakausap.

Sagutin Mo:

1. Tama ba ang ginawa ni Abel na hindi kausapin ang kanyang ina? Bakit?
2. Sa palagay mo, makatwiran ba ang parusang ginawa ng kanyang ina? Ipaliwanag
3. Ano kaya ang mangyayari kung hahayaan na lamang ng ina ang bisyo ni Abel?

Sitwasyon Blg. 2




Si Ruby Ann ay 17 gulang na ngunit nasa ikatlong taon pa rin sa mataas na paaralan.

Mas pinaglalaanan niya ng oras ang mga kabarkada at ang pakikipagnobyo. Nauubos ang kanyang *allowance* sa pagbili ng *make-up.*

Ipinaalam ng kanyang tagapayo(*adviser)* at *guidance counselor* sa kanyang magulang ang kanyang ginagawa sa paaralan. Dahil sa takot, naglayas siya at nakitira pansamantala sa kanyang mga kabarkada.

Sagutin Mo:
1. Tama ba ang ginawa ni Ana? Bakit?
2. Ano ang maaaring kahinatnan kung hindi namagitan ang tagapayo at *guidance counselor* sa kaso ni Ana?
3. Sa palagay mo, ano ang layunin ng tagapayo at *guidance counselor* sa pagsasabi sa mga magulang ni Ana?

Sitwasyon Blg.3



Patakaran sa kalsada na kapag nakarinig ng sirena ng bumbero o ambulansya ay nararapat na tumabi at magbigay-daan ang mga sasakyan.

Minsan, nagmamaneho ng sasakyan ang tatay ni Nelson ng makarinig sila ng sirena ng ambulansya. Hindi tumabi ang kanilang sasakyan bagkus ay hinahayaang sumirena ang sasakyan. Ang katwiran ng kanyang ama ay pare-pareho lamang silang nagmamadali.

Sagutin Mo:
1. Tama ba ang katwiran ng ama ni Nelson? Pangatwiranan ang iyong sagot.
2. Ano ang maaaring kahinatnan ng hindi nila pagsunod sa patakaran sa daan?
3. Sa palagay mo, bakit ipinatutupad ang pagbibigay prayoridad sa mga trak ng bumbero at ambulansya sa daan?

## Gawain Blg.2

Sa abot ng iyong nalalaman, punan mo ng mga hinihinging datos ang mga tanong.

Ano ang kahulugan ng awtoridad?

Para sa akin, ang awtoridad ay________________________________

___________________________________________________________________

___________________________________________________________________

| Halimbawa ng mga itinalagang awtoridad sa lipunan | Mga Tungkulin | Kabutihang dulot sa lipunan |
|---|---|---|
| 1. | | |
| 2. | | |
| 3. | | |
| 4. | | |
| 5. | | |


Sagutin Mo

1. Nahirapan ka ba sa gawain? Bakit?
2. Ano ang maaaring mangyari kung walang itinalagang awtoridad sa lipunan? Ipaliwanag
3. Nanaisin mo bang manirahan sa isang lipunang walang walang kinikilalang awtoridad? Bakit?

## IV. Ano ang Iyong Natutuhan?

Ano ang napansin mong binibigyang-pansin ng mga gawain sa modyul na ito? Tingnan ko nga kung may natutuhan ka.
Sa tulong ng mga gabay na salita sa kahon sa ibaba, punan mo ang mga *callout* sa ibaba ng mga mahahalagang natutuhan mo. Handa ka na?

| | | | |
|---|---|---|---|
| pagkakamit | awtoridad | itinalagang | lipunan |
| kaayusan | Mahalaga | kapayapaan | |




## V. Pagpapatibay

Sa dami ng tao sa lipunang ating ginagalawan, mahalagang mapanatili ang kaayusan at kapayapaan upang magawa natin ang ating mga pang-araw-araw na gawain nang walang abala.

Ito ang dahilan kung bakit may mga itinalagang awtoridad na mangangalaga sa pagpapanatili ng kaayusan sa ating lipunan. May awtoridad na nariyan na bago pa man likhain ang tao. Diyos ang pinakamataas na awtoridad natin. Magmasid ka lamang sa paligid, tumingala sa langit, o magpalipas ng hapon habang pinanonood ang paglubog ng araw ay makadarama ka na ng paghanga sa lumikha ng lahat ng ito, ang pinakamataas na awtoridad sa sansinukob.

Nagtalaga rin siya ng mga mamamahala sa atin upang masiguro na magiging maayos ang paraan ng ating pamumuhay sa daigdig. Pangunahin sa mga itinalagang ito ang mga magulang.

Nariyan ang mga magulang upang turuan at gabayan ang mga anak sa tamang landas na maglalapit sa kanila sa Diyos. Hindi nila magagawa ang misyong ito kung hindi sila bibigyan ng kapangyarihang disiplinahin ang kanilang mga anak. Kapalit ng tungkuling ito, nararapat naman na ibigay ng mga anak ang kanilang paggalang sa kanilang mga magulang.

Gayundin naman, mahalaga bilang mga kasapi ng lipunan na igalang natin ang mga itinalagang awtoridad upang masiguro ang kaayusan.

May mahalagang paalala ang Banal na Aklat sa bagay na ito:

*Mga babae, pasakop kayo sa inyu-inyong asawa, sapagkat iyan ang kalooban ng Panginoon.*

*Mga lalaki, ibigin ninyo ang inyu-inyong asawa, at huwag pagmamalupitan.*

*Mga anak, sundin ninyong lagi ang inyong mga magulang, sapagkat ikinalulugod iyan ng Panginoon.*

*Mga ama, huwag ninyong kagagalitan nang labis ang inyong mga anak, at baka manghina ang kanilang loob.*

*Mga alipin, sundin ninyo sa lahat ng bagau ang inyong panginoon sa lupa. May nakakakita man o wala, gumawa kayo, hindi para kalugdan ng tao kundi dahil sa kayo'y tapat at may takot sa Panginoon. Anuman ang inyong ginagawa, gawin ninyo nang magaan sa kalooban na waring hindi sa tao kayo naglilingkod kundi sa Panginoon. Alam naman ninyong gagantimpalaan kayo ng Panginoon; tatanggapin njnyo ang inilaan niya sa kanyang mga anak. Sapagkat si Kristo ang Panginoong pinaglilingkuran ninyo. Ang makasalanan naman ay sisingilin niya sa kanilang kasalanan sapagkat ang Diyos ay walang itinatangi.*

*Mga panginoon, maging mabuti kayo at makatarungan sa inyong mga alipin. Alalahanin ninyong kayo man ay may Panginoon sa langit.*

*Colossas 3:18- 25, 4:1*

Maliwanag na ipinakikita nito ang kahalagahan ng pagsunod sa mga itinalagang awtoridad upang mapanatili ang kapayapaan.

Si Confucius, isa sa pinakadakilang pilosopong Intsik ay nagturo rin ng katulad na prinsipyo sa kanyang mga tagasunod. Sinasabi niya na mahalagang malinang ang paggalang sa mga magulang sapagkat dito magmumula ang mabubuting mamamayan na may paggalang din sa kanilang mga pinuno.

Isa sa pinag-uugatan ng mga suliranin sa ating paligid, maging ito'y sa pamilya, pamahalaan o sa lansangan man, ay ang kawalan ng paggalang sa itinalagang awtoridad.

Ang pagsagot nang pabalang-balang sa magulang, paglaban sa pamahalaan, kawalan ng disiplina sa daan, hindi pagbabayad ng buwis, paggamit ng ipinagbabawal na gamot, *illegal logging* at sugal, ay ilan lamang sa halimbawa ng kawalan ng paggalang sa mga itinalagang


awtoridad. Ano ang epekto nito sa lipunan? Magtataka ka pa ba kung bakit magulo sa paligid? Tingnan mo ang Singapore at Japan, maunlad at maayos. Ano ang susi ng kaayusan nila? Ito ay ang kakayahan ng kanilang mga mamamayang sumunod sa batas at igalang ang mga itinalagang awtoridad.

## VI. Pagnilayan at Isabuhay Mo

Mahalaga ang pagsasabuhay ng paggalang sa mga itinalagang awtoridad sa pagkakamit ng kaayusan at kapayapaan sa ating paligid.


Ang pagpapahalagang ito rin ang magtuturo sa atin na kilalanin at sambahin ang Diyos na siyang pinakamakapangyarihan sa lahat, ang pinakamataas na awtoridad.

Paano mo ipakikita ang iyong paggalang sa mga sumusunod? Isulat ang iyong sagot sa akmang katapat na patlang.




Magulang:


________________________________




Lolo at Lola



Pulis



Guro




Mga Pinuno ng Simbahan

Bumbero



Mga pinuno ng pamahalaan



Sa mga natapos mong gawain, natitiyak kong mas higit mong pahahalagahan ngayon ang mga itinalagang awtoridad sa ating lipunan. BIlang pagpapatunay nito nais kong gumawa ka ng isang liham pasasalamat sa kanila. Malayang kang pumili kung sino man sa kanila ang nais mong padalhan nito. Handa ka na? Sundin mo ang pormat sa ibaba.

Mahal kong _______________,

Nais ko kayong pasalamatan sa__________

_____________________________________________

_____________________________________________

_____________________________________________

_____________________________________________

_____________________________________________

_____________________________________________

_____________________________________________

Gumagalang,

__________________

# VII. Gaano Ka Natuto?

Basahin ang mga pangungusap at isulat ang titik ng pinakawastong sagot.

1. Ang awtoridad ay tumutukoy sa:
    a. mga taong inihalal ng mga mamamayan sa pamamagitan ng eleksyon.
    b. mga pulis na namamahala sa pagpapanatili ng kapayapaan sa kapaligiran
    c. mga taong binigyan ng kapangyarihang mamahala sa isang tiyak na pangkat ng tao

2. Ang pangunahing layunin ng pagtatalaga ng mga awtoridad ay upang:
    a. mapairal ang disiplina ng mga mamamayan
    b. mapairal ang kaayusang panlipunan
    c. makamit ang pag-unlad ng lipunan

3. Ang unang awtoridad na namahala sa atin ay ang:
    a. pamahalaan
    b. pamilya
    c. pulis

4. Ito ang tawag sa kawalan ng sinusunod na batas na nagdudulot ng pangkalahatang kaguluhan sa lipunan;
    a. anarkiya
    b. rebolusyon
    c. digmaan

5. Mahalaga ang kapangyarihang kaloob ng Diyos sa mga magulang upang:
    a. sundin sila ng kanilang mga anak
    b. magawa nila ang kanilang nais sa kanilang mga anak
    c. mahubog nila ang kanilang mga anak sa tamang landas

## VIII. Mga Sanggunian

Mihalik, Frank, SVD. *1000 Stories You Can Use. Vol. II.* Manila: Divine Word Publications. 1989.pp. 763

De Torre, Joseph M. *Roots of Society*. Manila:Sinag-Tala Publishers, Inc. 1977.

Esteban, Esther J. *Education in Values. What, Why & for Whom.* Manila: Sinag-Tala Publishers. 1990

## Susi sa Pagwawasto

Handa ka na ba?

1. c
2. b
3. b
4. a
5. c

Gaano ka natuto?

1. c
2. b
3. b
4. a
5. c